# *Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 03*
# *Ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu atang Tamang Kapaligiran upang Mapuspos ng Banal na Espiritu*

***"Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." (Mga Gawa 1:8 KJV)***

Ang ating Panginoong JesuCristo ay nangako sa Kanyang mga alagad na tatanggapin nila ang kapangyarihan kapag dumating ang Banal na Espiritu sa kanila. Ang Banal na Espiritu ay hindi sa pamamagitan ng Kanyang sariling kapangyarihan ngunit Siya ang magbibigay ng kapangyarihan. Ang Banal na Espiritu ay Dios.

Tulad ng Dios Ama, Dios Anak, mayroon tayong Dios na Espiritu Santo, at ang tatlo ay iisa. At mula sa Banal na Espiritu ay matatanggap natin ang kapangyarihan at lahat ng kailangan natin para paglingkuran Siya.

Kapag tinanggap natin ang Panginoong JesuCristo bilang Tagapagligtas at Panginoon sa buong buhay natin tinatanggap natin ang paunang bayad ng Banal na Espiritu, ang tatak ng ating pagtubos. Ngunit kapag tinanggap natin ang bautismo ng Banal na Espiritu mayroon tayong kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay nasa tatlong pangunahing dako at gaya ng mga sumusunod:-

***1. Ang kapangyarihan ng mapagkukunan:*** Ang Banal na Espiritu ay Dios at magagawa Niya ang mga bagay ng Dios sa atin na maaring gawin madali at epektibo ang ating buhay. Maaring bigyan tayo ng Banal na Espiritu ng mga kakayahan na gawin at kamitin ang tiyak na mga gawa na hindi pa natin nagawa dati. Nang hilingin ng Dios kay Moises na itayo ang kaban ng tipan ay binigyan Niya siya ng mahuhusay na mga tao na inilagay Niya ang Kanyang Espiritu sa kanila at pinagawa sa kanila ang lahat ng mahuhusay na gawain. ***"30 At sinabi ni Moises sa mga anak ni Israel, Tingnan ninyo, tinawag ng Panginoon sa pangalan si Bezaleel na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa lipi ni Juda; 31 At kaniyang pinuspos siya ng Espiritu ng Dios, tungkol sa karunungan, sa pagkakilala, at sa kaalaman, at sa lahat ng sarisaring gawain; 32 At upang kumatha ng mga gawang kaayaaya, na gumawa sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, 33 At sa pagputol ng mga batong pangkalupkop, at sa pagukit sa kahoy, na gumawa sa lahat ng sarisaring maiinam na gawa. 34 At isinapuso niya ang katalinuhan, na siya'y makapagturo, siya at gayon din si Aholiab, na anak ni Ahisamac, sa lipi ni Dan. 35 Sila'y kaniyang pinuspos ng karunungan sa puso upang gumawa ng lahat na sarisaring gawa, ng taga-ukit, at tagakatha, at ng mangbuburda sa kayong bughaw, at sa kulay-ube, sa pula, at sa lino, at ng manghahabi, ng mga gumagawa ng anomang gawain, at ng mga kumakatha ng maiinam na gawa." (Exodu 35:30-35 KJV)***

Kapag may tiyak na gawain na kailangang gawin ang Banal na Espiritu ng Dios ay magbibigay sa ilang tao ng mga kasanayan upang makamit ang gawaing iyon. Sa pagtugon mo sa tungkulin ng Dios sa iyong buhay, ibibigay sa iyo ng Banal na Espiritu ang lahat ng kinakailangang kaloob, kasanayan at talento na kailangan mo upang gawin ang gawain ng Dios sa iyong buhay at ang ministeryo na ipinagkatiwala sa iyo. Ang Banal na Espiritu ang pinagmumulan ng lahat ng kaloob ng Dios gaya ng mababasa natin dito, ***"7 Datapuwa't sa bawa't isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman. 8 Sapagka't sa isa, sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu: 9 Sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu. 10 At sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; at sa iba'y hula; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika. 11 Datapuwa't ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayon ding Espiritu, na binabahagi sa bawa't isa ayon sa kaniyang ibig." (1 Corinto 12:7-11 KJV)***

Mula sa mga kaloob ng salitang karunungan, ang salitang kaalaman, at ang pagkilala ng mga espiritu upang makilala ang mga espiritu mula sa mga kaloob na ito tatanggapin natin ang mahalagang impormasyon at ang kailangang kaalaman na kailangan natin sa ating paglilingkod sa Dios.

Mula sa mga kaloob ng pagpapagaling, kaloob ng pananampalataya at ang paggawa ng mga himala mayroon tayong mga pagkilos ng Dios na nangailangan sa epektibong pagharap sa mga paghihirap at problema sa buhay. Sa pagkakaroon natin ng mga kaloob na ito ay gagawin ng Dios sa pamamagitan ng ating buhay ang iba't ibang himala at pagpapagaling na magbibigay ng Kanyang pagmamahal at pagmamalasakit sa mga tao na inaabot natin.

Mula sa mga kaloob ng panghuhula, pagsasalita ng iba't ibang uri ng mga wika, at pagsasalin ng wika mayroon tayong mga kasanayan sa pakikipag usap at kapangyarihan na iparating ang mensahe ng Dios sa mga tao sa kanilang iba't ibang wika at kung ano ang nais Niyang sabihin sa kanila.

Dapat ding tayong may kamalayan na ang Banal na Espiritu ay kayang lumikha ng bagong mga kaloob at kakayahan sa atin at sa isang saglit kung iyon ay kinakailanan na makamit ang anumang gawain. Tunay na ang Banal na Espiritu ay ang ating laan at ang ating panusos.

***2. Ang kapangyarihan ng Pagninilay: "22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat. 23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan. 24 At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang mga masasamang pita at mga kahalayan nito." (Galacia 5:22-24 KJV)*** Ang Banal na Espiritu na sumasaatin ay lalabanan at sasalungatin ang gawa ng laman sa ating buhay. At itatag Niya ang ating katangian, personalidad, at asal ng bunga ng Banal na Espiritu na ang: pagibig, kagalakan, pagibig, kaamuhan, mahabang pagdurusa, kaamuhan, kabutihan, pananampalataya, kababang loob, at pagpipigil. Kailangang makita ng mga tao si Jesus sa atin, at ang pinakamalalim na pagkatao ni Jesus ay ang nabanggit na bunga ng Banal na Espiritu. At upang masalamin ang pagkatao ni Jesus sa mundo at sa iba ito ay nangangahulugan na kailangan nating mabago sa Kanyang wangis na may patuloy na pagtaas ng kaluwalhatian. Magagawa lamang iyan sa pamamagitan ng gawain ng Banal na Espiritu at ng Kanyang kapangyarihan na makapagtatag sa atin ng bunga ng Banal na Espiritu at sumasalamin sa mga pagkatao ni Jesus sa ating buhay.

Anong dakilang bagay na makikita ng mga tao ang kaluwalhatian ng Dios at ni Jesus sa atin. Dapat tayong magpasalamat nang lubos sa Dios na nagsugo ng Kanyang Banal na Espiritu upang maging bahagi ng ating buhay at mapuspos tayo.

***3. Ang kapangyarihan ng Katatagan:*** Ito ang kapangyarihan na bumabalik kapag pinipilit tayo ng panggigipit mula sa labas. Maaari tayong dumaan sa mga pagsubok, problema, kapighatian, at pag uusig. Ngunit dahil nasa sa atin ang Banal na Espiritu ay may kapangyarihan tayong lumaban, tumayo nang matatag at bumalik. ***"7 Nguni't taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang-lupa, upang ang dakilang kalakhan ng kapangyarihan ay maging mula sa Dios, at huwag mula sa aming sarili;" (2 Corinto 4:7 KJV)*** Oo tunay na tayo ay may mga problema ngunit tayo ay pinananatili, ***"8 Sa magkabikabila ay nangagigipit kami, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis; nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pagasa; 9 Pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi nangasisira; 10 Laging saan ma'y tinataglay sa katawan ang kamatayan ni Jesus, upang ang buhay ni Jesus ay mahayag naman sa aming katawan." (2 Corinto 4:8-10 KJV)*** Ang mga pagsubok at problema ay magpapalakas sa atin; iyon ay dahil nasa sa atin ang kayamanang ito, ang Banal na Espiritu na nagbibigay sa atin ng kapangyarihang lumaban at manindigan nang matatag: ***"16 Kaya nga hindi kami nanghihimagod; bagama't ang aming pagkataong labas ay pahina, nguni't ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw. 17 Sapagka't ang aming magaang kapighatian, na sa isang sangdali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalo't lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan; 18 Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita: sapagka't ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan; datapuwa't ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang hanggan." (2 Corinto 4:16-18 KJV)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Kailangan mo ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa iyong buhay dahil tulad ng naunawaan natin mula sa Kasulatan ang Banal na Espiritu ay mapagkukunan para sa ating pamumuhay at ministerio. Siya ang mapagkukunan ng ating kalakasan at salamin ng kaluwalhatian ni Jesus sa ating buhay. Kaya ipangako ang iyong buhay sa Panginoon, parangalan ang Dios, mamuhay sa kabanalan at hilingin sa Kanya na puspusin ka ng Banal na Espiritu na kailangan mo para sa makaDios na pamumuhay at sa paglilingkod sa Kanya.

Ngayon tatalakayin natin ang tungkol sa tamang kapaligiran na kailangan mong mamuhay upang mapuspos ng Banal na Epiritu, ***"2 Hanggang sa araw na tanggapin siya sa kaitaasan, pagkatapos na makapagbigay siya ng mga utos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa mga apostol na kaniyang hinirang; 3 Na sa kanila nama'y napakita rin siyang buhay, sa pamamagitan ng maraming mga katunayan, pagkatapos na siya'y makapaghirap, na napakikita sa kanila sa loob ng apat na pung araw, at nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios: 4 At, palibhasa'y nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na huwag silang magsialis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama, na sinabi niyang narinig ninyo sa akin: 5 Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo na di na malalaunan pa." (Mga Gawa 1:2-5 KJV)*** Pagkatapos ng pagkabuhay ni Jesus mula sa mga patay, Tinagubulinan Niya ang Kanyang mga alagag na tanggapin ang pangako ng Ama, upang mapuspos ng Banal na Espiritu para masimulan nilang gawin ang ginawa ni Jesus habang Siya ay nasa lupa. Sa parehong dahilan kailangan mong magpabautismo sa Banal na Espiritu upang magawa mo ang lahat ng ginawa ni Jesus noong siya ay narito pa sa lupa.

Dahil dito inutusan Niya ang Kanyang mga alagad na manatili at magtagal sa Jerusalem hanggang sa matanggap nila ang Banal na Espiritu, dahil hindi sila makakakilos at magagawa ang Kanyang gawain at kalooban kung wala ang Banal na Espiritu. Samakatuwid sinabi Niya sa kanila, ***"49 At narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama, datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas." (Lucas 24:49 KJV)*** At tumugon sila sa utos at namuhay sa magandang kapaligiran na nag-aanyaya sa Banal na Espiritu na puspusin sila tulad ng mababasa natin sa ibaba:-.

***1. Sila'y namuhay nang buong pagsunod: "4 At, palibhasa'y nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na huwag silang magsialis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama, na sinabi niyang narinig ninyo sa akin: 5 Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo na di na malalaunan pa." (Mga Gawa 1:4-5 KJV)*** Ang mga alagad ay nanatili sa Jerusalem at hindi lumipat sa ibang lugar hanggang sa dumating sa kanila ang Banal na Espiritu: ***"9 At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, nang siya'y tinitingnan nila, ay dinala siya sa itaas; at siya'y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa kanilang mga paningin. 10 At samantalang tinititigan nila ang langit habang siya'y lumalayo, narito may dalawang lalaking nangakatayo sa tabi nila na may puting damit; 11 Na nangagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit. 12 Nang magkagayon ay nangagbalik sila sa Jerusalem buhat sa tinatawag na bundok ng mga Olivo, na malapit sa Jerusalem, na isang araw ng sabbath lakarin. 13 At nang sila'y magsipasok sa bayan, ay nagsiakyat sila sa silid sa itaas, na kinatitirahan nila; ni Pedro at ni Juan at ni Santiago at ni Andres, ni Felipe at ni Tomas, ni Bartolome at ni Mateo, ni Santiago na anak ni Alfeo, at ni Simong Masikap, at ni Judas na anak ni Santiago." (Mga Gawa 1:9-13 KJV)*** Ang Banal na Espiritu ay ibibigay sa mga tunay na alagad at tagasunod ni Cristo; yaong mga pinabanal at isinasantabi ang kanilang buhay para sa Dios. Kapag namumuhay ka sa pagsunod sa Dios at isinasantabi mo ang iyong buhay para sa Kanya, kung gayon ikaw ay mapupuspos ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay magbibigay sa mga alagad ni Jesus ng kapangyarihang mabuhay at magpatotoo para kay Cristo. * Kaya ang buhay na may lubos na pagsunod ay mahalaga para sa iyo bilang alagad ni Jesus upang mapuspos ka ng Banal na Espiritu upang makapagpatotoo ka para kay Cristo. * Ito ang ipinapahayag ng Salita ng Dios at ng kasunduan natin, kung walang lubos na pagsunod ay walang pagpuspos ng Banal na Espiritu. Kailangan mong lubos na magpasakop sa Dios at gawin at ipamuhay ang Kanyang kalooban upang ang Banal na Espiritu ay suma iyo at mapuspos ka.

Mula sa buhay ng mga unang alagad na naghihintay sa Banal na Espiritu maaari nating pagpasyahan ang paraan ng buhay na maaakit ang Banal na Espiritu. Ang ganap at agarang pagsunod ay ang sisidlan na naaakit at nais punan ng Banal na Espiritu.

***2. Sila'y namuhay nang may pananampalataya:*** Lubos silang nagtiwala sa Panginoon, sa Kanyang salita at sa Kanyang mga pangako sa kanila. Naniniwala sila na ipadadala sa kanila ni Jesus ang Banal na Espiritu kaya nanatili silang naghihintay sa pangako ng Dios. Ang kanilang pananampalataya ay ipinakita sa pamamagitan ng mga gawa na ipinakita ng kanilang pagtitiis na maghintay sa Panginoon at sa paraan ng pamumuhay na sila'y namuhay para kay Cristo. Ipinakita nila ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng mga kilos at gawa gaya ng ipinapahayag ng Salita ng Dios, ***"18 Oo, sasabihin ng isang tao, Ikaw ay mayroong pananampalataya, at ako'y mayroong mga gawa: ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang hiwalay sa mga gawa, at ako sa pamamagitan ng aking mga gawa ay ipakita sa iyo ang aking pananampalataya." (Santiago 2:18 KJV)*** Ang iyong buhay ng pananampalataya sa Dios ay ipapakita sa pamamagitan ng mga kilos at gawa habang ikaw ay lumalakad sa pamamagitan ng mabubuting gawa na Kanyang itinakda para sa iyo na gawin.

***3. Sila'y nabuhay nang nagkakaisa:*** Nabasa natin sa ***Mga Gawa 1:14, "Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa"*** Ang 120 alagad ay magkasamang namuhay nang nagkakaisa na may iisang isip at iisang kaisipan. Mas mahalaga kaysa sa pisikal na pagkakaisa ang espirituwal na pagkakaisa. Nagkaisa sila sa palibot ni Jesus at sa sinabi ng Salita ng Dios. * Tayo bilang mga alagad kailangan nating makiisa sa Dios at sumang-ayon sa Kanyang Salita at magkaroon ng pag-iisip at mga kaisipan ni Cristo at magkaroon ng isang layunin na maglingkod sa Dios at sa pananaw ni Jesus na nag-atas sa atin na sabihin, ***"19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mateo 28:19-20 KJV)*** Ang pagkakaisa sa simbahan sa mga balangkas na nabanggit natin sa itaas ay napakahalaga na kapaligiran para sa Banal na Espiritu na ibuhos sa mga kasapi ng simbahan upang magawa natin ang misyon at ang pananaw ng Dios.

***4. Sila'y namuhay nang may pananalangin: "14 Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus, at pati ng mga***

***kapatid niya." (Mga Gawa 1:14 KJV)*** Ang panalangin ang ating haligi. Hindi tayo maaaring tumayo bilang simbahan upang harapin ang mundo nang walang buhay ng panalangin. Ang buhay ng panalangin ay nagbibigay daan sa atin upang harapin ang mga hamon at banta ng mundo, at ginagawang maayos ang ating paglalakbay at misyon habang sumusulong tayo sa pagkamit ng layunin at pananaw ng Dios sa ating buhay. * Ang buhay pananalangin ay mag-aanyaya at maakit ang Banal na Espiritu na suma iyo at puspusin ka.

***5. Sila'y namuhay upang matupad ang Kasulatan: "15 At nang mga araw na ito'y nagtindig si Pedro sa gitna ng mga kapatid, at nagsabi (at nangagkakatipon ang karamihang mga tao, na may isang daa't dalawangpu), 16 Mga kapatid, kinakailangang matupad ang kasulatan, na nang una ay sinalita ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng bibig ni David tungkol kay Judas, na siyang pumatnugot sa nagsihuli kay Jesus. 17 Sapagka't siya'y ibinilang sa atin, at siya'y tumanggap ng kaniyang bahagi sa ministeriong ito. 18 Kumuha nga ang taong ito ng isang parang sa pamamagitan ng ganti sa kaniyang katampalasanan; at sa pagpapatihulog ng patiwarik, ay pumutok siya sa gitna, at sumambulat ang lahat ng mga laman ng kaniyang tiyan. 19 At ito'y nahayag sa lahat ng mga nagsisitahan sa Jerusalem; ano pa't tinawag ang parang na yaon sa kanilang wika na Aceldama, sa makatuwid baga'y, Ang parang ng Dugo.) 20 Sapagka't nasusulat sa aklat ng Mga Awit, Bayaang mawalan nawa ng tao ang kaniyang tahanan, At huwag bayaang manahan doon ang sinoman; at, Bayaang kunin ng iba ang kaniyang katungkulan." (Mga Gawa 1:15-20 KJV)*** Ang mga alagad habang naghihintay sila sa pagdating ng Banal na Espiritu sa kanila ay patuloy na ginawa ang kanilang mga tungkulin sa pagtupad sa Kasulatan. Ang Kasulatan ng Dios ay ang karunungan at kapangyarihan ng Dios. Tayo bilang isang simbahan ay dapat magsikap na tuparin ang Kasulatan at mamuhay upang makamit ang itinuturo at ipinapahayag ng Kanyang Salita upang matanggap natin ang karunungan at kapangyarihan ng Dios.

Ang pagbanggit ni Pedro sa itaas mula sa Salita ng Dios at may kaugnayan sa pagsasabwatan ni Judas ay mula sa Lumang Tipan tulad ng mababasa natin ang mga sipi, ***"25 Magiba ang tahanan nila; walang tumahan sa kanilang mga tolda." (Awit 69:25 KJV) "8 Maging kaunti nawa ang kaniyang mga kaarawan; at kunin nawa ng iba ang kaniyang katungkulan." (Awit 109:8 KJV)*** Ang pagbanggit ni Pedro mula sa Kasulatan ay nakatulong sa simbahan na sumulong sa kanilang misyon at naghalal ng isa pang apostol na hahalili sa lugar na iniwan ni Judas. Ang paglalapat ng nabanggit na pangyayari sa ating buhay bilang isang simbahan ay ito: Sa pagsisikap natin bilang Simbahan ng Dios upang tuparin ang Kasulatan, papatnubayan tayo ng Panginoon na gumawa ng mahahalagang pasya na mahalaga sa Panginoon at para sa buhay ng ating simbahan, at sa huli'y mapuspos ng Banal na Espiritu.

***6. Sila'y namuhay nang lubos na nagtitiwala sa Panginoon: "5 Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: 6 Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas." (Kawikaan 3:5-6 KJV)*** Si Judas Iscariote ay isa sa mga Apostol at siya ang nag iingat ng kaban ng yaman. Sa isang salita ay nagkakaroon siya ng mahalagang posisyon sa buhay ng unang simbahan. Ngunit ang unang simbahan na naghihintay sa pagdating ng Banal na Espiritu ay nagtiwala sa Panginoon na kaya Niyang punan ang anumang puwang na lugar, at sa Kanyang harapan ang lahat ng bagay ay maaaring mapunan, matupad at maging maayos.

Bilang isang simbahan ano ang natutunan natin sa aral sa itaas na mahalaga ang bawat manggagawa sa simbahan ngunit ang Dios lamang ang mahalagang tao sa simbahan. Walang dapat magyabang at mag isip na kung wala siya ay maaapektuhan ang simbahan. Mali ang pagkaunawang iyan, bagama't lahat tayo bilang manggagawa ay mahalaga para sa simbahan, ngunit ang Dios ang siyang gumagawa ng Kanyang gawain at kalooban sa pamamagitan natin. Kaya hindi tayo ang isa kundi ang Dios ang gumagawa at ginagawa ang nangangailangan. Ang ating bahagi ay ang pagsuko sa ating sarili sa Panginoon, ngunit kung sinuman sa atin ang magmalaki sa kanyang sarili kung gayon ang Dios ay kikilos na gumamit ng ibang tao.

Samakatuwid hayaan ang taong iyon na nag iisip at kumikilos sa gayong maling pag uugali, na dapat niyang malaman na kung wala siya ang simbahan ay magiging maayos pa rin dahil ang Dios, ang Banal na Espiritu, ang mahalaga at mahalagang tao, ay naroroon pa rin sa buhay ng Kanyang simbahan.

***7. Ginawa nila ang kanilang gawaing pangangasiwa sa wastong paraan: "21 Sa mga taong ito nga na nangakisama sa atin sa buong panahon na ang Panginoong si Jesus ay pumapasok at lumalabas sa atin, 22 Magmula sa pagbautismo ni Juan, hanggang sa araw na siya'y tanggapin sa itaas mula sa atin, ay nararapat na ang isa sa mga ito'y maging saksi na kasama natin sa kaniyang pagkabuhay na maguli. 23 At kanilang ibinukod ang dalawa, si Jose na tinatawag na Barsabas, na pinamagatang Justo, at si Matias. 24 At sila'y nagsipanalangin, at nagsipagsabi, Ikaw, Panginoon, na nakatataho ng mga puso ng lahat ng mga tao, ay ipakilala mo kung alin sa dalawang ito ang iyong hinirang, 25 Upang tanggapin ang katungkulan sa ministeriong ito at pagkaapostol na kinahulugan ni Judas, upang siya'y makaparoon sa kaniyang sariling kalalagyan. 26 At sila'y pinagsapalaran nila; at nagkapalad si Matias; at siya'y ibinilang sa labingisang apostol." (Mga Gawa 1:21-26 KJV)*** Habang hinihintay nila ang pagdating ng Banal na Espiritu sa kanila ay patuloy nilang ginampanan ang kanilang mga tungkulin at ginampanan ang kanilang mga pananagutan. Sila ay

inutusan ng Kasulatan na pumili ng mga angkop na manggagawa na maaaring punan ang lugar ni Judas ayon sa mga sumusunod na pamantayan. ***"21 Sa mga taong ito nga na nangakisama sa atin sa buong panahon na ang Panginoong si Jesus ay pumapasok at lumalabas sa atin, 22 Magmula sa pagbautismo ni Juan, hanggang sa araw na siya'y tanggapin sa itaas mula sa atin, ay nararapat na ang isa sa mga ito'y maging saksi na kasama natin sa kaniyang pagkabuhay na maguli." (Mga Gawa 1:21-22 KJV)*** Para sa sumusunod na layunin, ***"upang maging saksi…ng kanyang pagkabuhay na maguli….At kanilang ibinukod ang dalawa, si Jose na tinatawag na Barsabas, na pinamagatang Justo, at si Matias"***, at iniwan nila ang huling pasya para sa Dios na pumili kapag sila ay nanalangin, ***"Ikaw, Panginoon, na nakatataho ng mga puso ng lahat ng mga tao, ay ipakilala mo kung alin sa dalawang ito ang iyong hinirang, 25 Upang tanggapin ang katungkulan sa ministeriong ito at pagkaapostol na kinahulugan ni Judas, upang siya'y makaparoon sa kaniyang sariling kalalagyan.*** at ibinigay ang kapalaran bilang isang Biblikal na paraan upang matanggap ang pasiya ng Panginoon, ***"33 Ginagawa ang pagsasapalaran sa kandungan; nguni't ang buong pasiya niyaon ay sa Panginoon." (Kawikaan 16:33 KJV)*** at si Matias ay pinili at idinagdag sa labing-isang apostol.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Tayo bilang isang simbahan at bawat isa sa atin bilang kasapi ay kailangan nating sundin ang lahat ng mga nabanggit na puntos at lubos na ipamuhay ang mga ito sa ating buhay upang tayo ay mapalad sa pagpuspus ng Banal na Espiritu sa ating buhay at sa buhay ng ating mga alagad at kapisanan. Kaya patuloy nating pagnilayan ang mensahe at maging handang sumunod.
Manalangin tayo ...

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong nakapagpapasiglang Salita sa mensaheng ito at sa iyong pagtuturo sa akin na nagbukas ng aking mga mata sa kung ano ang magagawa ng Banal na Espiritu sa akin at sa pamamagitan ko. Panginoon salamat sa lahat ng pagwawasto, payo at mga nakakabuting pagsaway na natanggap ko sa mensaheng ito upang malaman ang aking mga kasalanan at pagsisihan ang mga ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at itakwil ang lahat ng iyong katigasan ng ulo, pagsuway at naantalang pagsunod. Ipagtapat at talikuran ang lahat ng gawain ng laman sa inyong buhay; pagsasabi ng kasinungalingan, pagnanakaw, away, galit, galit, poot, paghihiganti, hindi pagpapatawad, sama ng loob at kapaitan, pagkakahati hati, inggit, paninibugho, pagpatay, pagnanasa, imoralidad, kasakiman, kawalang katarungan, katiwalian, kamunduhan, at ang iyong pagibig sa pera at materyal na mga bagay.Ipagtapat at talikuran ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya, at sa pagkaalipin sa Media, Balita at mga laro. Ipagtapat at talikuran ang iyong masamang pangangasiwa, ang iyong masamang halimbawa at ang iyong hindi pagpayag na maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pananampalataya at ang mga pagdududa sa iyong isipan. Ipagtapat at itakwil ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at buhay pananalangin. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ___________________________.*

*Panginoon hinihiling ko sa iyo na ibigay sa akin ang kaloob na Banal na Espiritu sa aking buhay dahil nais kong ipamuhay ang aking buhay para sa iyo. Panginoon paging dapatin akong maglingkod sa iyo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa aking buhay. Panginoon ipinagkakaloob ko sa aking sarili na tumugon sa Banal na Espiritu at magparami ng bunga ng espiritu sa aking buhay; pag ibig, kagalakan, kapayapaan, mahabang pagtitiis, kahinahunan, kabutihan, pananampalataya, kaamuan, at pagtitimpi, upang makita ng mga tao si Jesus nang malinaw sa aking buhay. Panginoon Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay nang may pananampalataya at panalangin at sa pagsunod sa iyong Salita at mga utos, nagtitiwala sa iyo sa lahat ng aking mga gawain at mga pagsubok na aking pinagdadaanan na tutulungan mo ako at ibibigay mo sa akin ang tagumpay. Panginoon salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at nangako ng kanilang buhay upang mamuhay sa kabanalan para sa iyo at handang mamuhay sa tamang kapaligiran at sa tamang lugar na nananatili at naghihintay sa iyo upang mapuspos sila ng Banal na Espiritu. Panginoon ang mga pinabanal ibuhos mo ang iyong Banal na Espiritu sa kanila, hayaan silang magsalita ng mga wika at bigyan sila ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan nila upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon palakasin mo sila, protektahan mo sila at maglaan para sa kanila upang patuloy silang maglingkod sa iyo, at mamuhay para sa iyo.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan. Panginoon ipinagkakatiwala namin sa aming sarili na mamuhay nang buong pagsunod sa iyong Salita at mga utos, naghihintay sa iyo na puspusin kami ng Banal na Espiritu, kumikilos nang may pananampalataya na sinamahan ng mga gawa na iyong kinalulugdan; pamumuhay ng may pananalangin, pamumuhay nang may pagkakaisa; nagkakaisa sa isip, pag iisip, pananaw at layunin sa iyo. Ipinapangako namin ang aming sarili na gaganapin namin ang paraan ng pagtupad sa Kasulatan na nagtitiwala sa iyo na ikaw ang Isa na humahawak nang magkasama sa lahat ng mga bagay ng aming buhay at ang mga pagkamit sa ministeryo. Panginoon dalangin namin na palakasin mo ang lahat ng manggagawa, at ang aming mga alagad at ang mga kapisanan sa pamamagitan ng iyong Banal na Espiritu at*

*magtatag ng higit pang mga alagad na magdadala sa iyong misyon hanggang sa dumating ka at dalhin mo kami sa Langit. Panginoon dalangin ko na mas maraming tao ang mabaustismuhan sa tubig at mas maraming alagad ang mabautismuhan ng Banal na Espiritu. Panginoon hinihiling namin sa iyo na puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob; salita ng karunungan, salita ng kaalaman, kaloob na pananampalataya, kaloob na pagpapagaling, kaloob na paggawa ng mga himala, kaloob na pagbibigay, pagpapakita ng awa, pamumuno, pangangasiwa, kaloob na panghihikayat, paggtuturi, pagtuturo, pagpopropesiya, pag eebanghelyo, at kung ano man ang mga talento at kasanayan na kulang kami ay hinihiling namin sa iyo na bigyan kami upang patuloy kaming tapat na maglingkod sa iyo. Panginoon patnubayan kaming magpatuloy at mag ebanghelyo, at gumawa ng mga bagong alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa na yumaon at magtanim ng higit pang mga pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 03. Ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu at ang Tamang Kapaligiran upang Mapuspos ng Banal na Espiritu. Exodo 35:30-35. 1 Corinto 12:7-11. Galacia 5:22-24. 2 Corinto 4:7-10, 16-18. Lucas 24:49. Mga Gawa 1: 2-5, 9-26. Santiago 2:18. Mateo 28:19-20. Mga Awit 69:25. Mga Awit 109:8. Mga Kawikaan 3:5-6. Kawikaan 16:33.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com